Q&A

Dapat ba Akong Kumuha ng Na-update na COVID-19 Booster?

Public Health
Seattle & King County

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Bakit mayroong mga na-update na COVID-19 booster?

A

Nagbabago ang coronavirus sa mga bagong baryante sa paglipas ng panahon.

Ang mga bagong booster ng Moderna at Pfizer, na tinatawag ding “bivalent” na mga bakuna, ay nagpoprotekta laban sa mga pinaka-karaniwang baryante ngayon (Omicron BA.4 at BA.5) at ang mga orihinal na baryante ng COVID-19.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Sino ang dapat makakuha ng na-update na COVID-19 booster?

A

Sinumang may edad 12 o mas matanda na nakakumpleto na ng kanilang pangunahing serye ng bakuna para sa COVID-19

AT

Ito ay hindi bababa sa 2 buwan mula noong kanilang huling bakuna o dosis ng booster.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Anong mga sangkap ang nasa na-update na COVID-19 booster?

A

Ang mga na-update na booster ng Moderna at Pfizer ay gumagamit ng parehong mga sangkap gaya ng kanilang ibang mga bakuna sa COVID-19 na may pagbabago sa isa sa mga protina upang i-target ang mga baryante ng Omicron.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Ano ang mga masamang epekto ng na-update na COVID-19?

A

Tulad ng ibang mga bakuna, maaari kang magkaroon ng pananakit ng braso, sakit ng ulo, o pagkapagod pagkatapos mabakunahan. Itong mga epekto ay karaniwang nawawala sa loob ng ilang araw.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Aling na-update na iniksyon ng COVID-19 booster ang dapat kung kunin?

A

Maaari kang pumili alinman sa na-update na iniksyon ng Moderna o Pfizer booster. Hindi mo kailangang kunin ang parehong uri ng iyong pangunahing serye ng COVID-19.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Nagkaroon ako ng COVID kamakailan. Kailan ako dapat makakuha ng na-update na COVID-19 booster?

A

Maghintay hanggang sa ikaw ay ganap na gumaling
at wala kang mga sintomas.

Makipag-usap sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pinakamabuting tiyempo upang makakuha ng na-update na booster. Ang ilang mga tao ay maaaring maghintay ng hanggang 3 buwan pagkatapos ng paggaling.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Q

Saan ako makakakuha ng na-update na iniksyon ng COVID-19 booster?

A

Ang mga na-update na COVID-19 booster ay mayroon sa:

Auburn Outlet Collection Mall

Eastgate Public Health Center

O, maaari mong tanungin sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, klinika, o local na parmasya.

MGA NA-UPDATE NA COVID-19 BOOSTER

Ang mga COVID-19 booster at bakuna ay palaging **LIBRE**!

Hindi kailangan ang segurong pangkalusugan o patunay ng pagkamamamayan.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:

kingcounty.gov/vaccine (sa Ingles)

Public Health
Seattle & King County